Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 9 - Modyul 32:
## Bahagi ng Kuwento



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan - Linggo 9 - Modyul 32: Bahagi ng Kuwento
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia
Tagapamanihala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Cathyrine D. Melos |
| **Editor:** | Emelita F. Rey, PSDS |
| **Tagasuri:** | Emelita F. Rey, PSDS |
| **Tagalapat:** | Rommel C. Villa<br>Ma. Gelyn G. Zerna |
| **Ilustrador:** | Madilyn P.Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapamahala:** | |
| Chairpeson: | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamanihala ng mga Paaralan* |
| Co-chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| Mga Kasapi: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS – Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Kagawaran ng Edukasyon - Sangay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 9 - Modyul 32: Bahagi ng Kuwento

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang inyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng *email* sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Ang Modyul na ito*

Magandang buhay!

Ang modyul na ito ay binuo upang suportahan ang inyong pagkatuto bilang mga mag-aaral sa ikaapat na baitang. Ito ay idinisenyo upang kayo ay matulungan na maunawaan ang aralin tungkol sa iba't ibang bahagi ng binasang kuwento.

Mayroong mga halimbawa at pagsasanay na inihanda upang mahasa, mapaunlad, at madagdagan ang inyong kasanayan at kaalaman sa araling ito. Ang pagsunod sa mga panuto/tagubilin ay dapat isaisip upang maintindihan at masagutan nang maayos ang mga pagsasanay.

Sana'y masiyahan kayo habang natututo mula sa modyul na ito.

Maraming salamat at nawa'y pagpalain tayong lahat ng Poong Maykapal!



### *Para sa Guro*

Ang pag-aaral nang mag-isa ay isang mapanghamong paraan para sa mga mag-aaral. Bilang isang guro, tungkulin pa rin nating gabayan at subaybayan ang ating mga mag-aaral habang sila ay natututo nang nag-iisa.



## *Alamin*

Pagkatapos gawin ang mga pagsasanay sa modyul na ito, ang mga bata ay inaasahang mapaunlad ang mga sumusunod na kasanayan:

Layunin:



1. Natutukoy ang bahagi ng binasang kuwento - simula, kasukdulan, katapusan


## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Mga Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng mga gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong buhay at sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto. |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ay masining na anyo ng panitikan na naglalaman ng isang salaysay tungkol sa isang mahalagang pangyayari na kinabibilangan ng isa o ilang tauhan.

A. kuwento B. nobela C. tugma D. tula

2. Ito ang pinakamadulang bahagi ng kuwento kung saan makakamtan ng pangunahing tauhan ang katuparan o kasawian ng kanyang ipinaglalaban.

A. banghay B. kasukdulan C. katapusan D. simula

3. Ito ang bahagi ng kuwento kung saan kabilang ang mga tauhan, tagpuan, at suliranin.

A. banghay B. kasukdulan C. katapusan D. simula


4. Ito ang bahaging kababasahan ng magiging resolusyon o kahihinatnan ng kuwento.

A. banghay B. kasukdulan C. katapusan D. simula

5. Ito ang mga problemang kinahaharap ng mga tauhan sa kwento.

A. banghay B. kaisipan C. paksang-diwa D. suliranin

# Aralin 3 Bahagi ng Kuwento






## *Balikan*

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na katanungan tungkol sa elemento ng kuwento. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat sa patlang.

| | | |
|---|---|---|
| tagpuan | tauhan | banghay |

__________1. Tumutukoy ito sa maayos at malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga magkakaugnay na pangyayari sa paksa.

__________2. Ito ay ang mga pangunahing karakter na magsisiganap sa kuwento.

__________3. Sinasaad sa elementong ito ang lugar kung saan nangyari ang kuwento.



## *Tuklasin*

**Panuto:**

Basahin ang kuwentong pinamagatang “Ang Aso at Ang Uwak”

Ang Aso at Ang Uwak
(*https://pinoycollection.com/ang-aso-at-ang-uwak*)

May isang ibong uwak na nakakita ng karne na nakabilad sa araw.
Tinangay niya ito at lumipad nang malayo.
Sa dulo ng sanga ng isang puno ay sinimulan niyang kainin ang karne.
Ngunit narinig niya ang malakas na boses ng isang aso na nagsabing, “sa lahat ng ibon, ang uwak ang pinakamagaling. Walang kakumpara!”
Natuwa ang uwak at binukas ang bibig para humalakhak. Ang nangyari ay nalaglag ang karne mula sa kanyang bibig. Nahulog ito sa lupa kung saan kaagad sinunggaban ng aso.
Walang nagawa si uwak kundi tingnan ang pagkain ng aso sa nahulog niyang karne.
Mula noon hindi na muling nagpalinlang si Uwak kay Aso.



## *Suriin*

- Tungkol saan ang kuwento?
- Ano ang unang nangyari sa kuwento?
- Saang bahagi ng kuwento ang maituturing na pinakamadula? Naisakatuparan ba ng aso ang kanyang balak? Ano naman ang nangyari kay Uwak?
- Ano ang naging wakas ng kuwento?

Ang bawat kuwento ay binubuo ng tatlong bahagi. Ito ay ang **simula**, **kasukdulan**, at **katapusan**.

Ang simula ng kuwento ay binubuo ng mga tauhan, tagpuan, at suliranin. Sa kasukdulan nakakamtan ng pangunahing tauhan ang katuparan o kasawian ng kanyang ipinaglalaban. Ang katapusan ay bahaging kababasahan ng magiging resolusyon ng kuwento. Maaari itong masaya, malungkot, pagkatalo, o pagkapanalo.



## *Pagyamanin*

**Gawain I**

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pangyayari na nasa loob ng kahon at isulat ang tamang bahagi ng kuwento sa patlang na nasa ilalim nito.

Dumating si Aso at pinuri si Uwak. Sa sobrang tuwa ng uwak dahil sa papuri ng aso, ay hindi niya napigilang humalakhak. Nalaglag ang karne mula sa bibig ng uwak. Walang pagdadalawang-isip na sinunggaban ng aso ang karneng nahulog sa lupa.

(1) ______________________

Si Uwak ay nakakita ng binilad na karne. Tinangay niya ito papalayo at dinala sa isang puno. Nang makarating sa puno ay sinimulan niyang kainin ito.

(2) ______________________


Walang nagawa ang ibon sa bilis ng pangyayari. Magmula noon ay hindi na nagpalinlang ang uwak sa kahit kanino lalong-lalo na sa aso.

(3) ______________________

## *Isaisip*

**Gawain 2**

**Panuto:** Punan ang bawat bilog ng mga bahagi ng kuwento at ilarawan ang mga ito upang mabuo ang *web diagram*.




## *Isagawa*

**Gawain 3**

Basahin ang kuwento. *(Orihinal na isinulat ng may-akda)*

> Isinilang na payat si Popoy. Lagi siyang tinutukso ng mga kapwa bata at mag-aaral dahil sa pagiging lampa at malumanay kumilos.
>
> Madalas nadadapa si Popoy sa mga takbuhan. Hindi rin siya nakakapuntos tuwing naglalaro ng basketbol.
>
> Nagsumbong si Popoy sa kanyang mga magulang. Dahil dito, sinabihan siya ng kanyang nanay at tatay na kumain ng mga masustansyang pagkain, matulog sa tamang oras, at mag-ehersisyo para maging malusog ang pangangatawan.
>
> Mula noon, sinunod ni Popoy ang payo ng kanyang mga magulang at nagbago na talaga siya pagdating sa usapang pangkalusugan.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong sa ibaba base sa binasang kuwento.

1. Ano ang unang pangyayari sa kuwento?

______________________________________________

2. Alin ang kasunod?

______________________________________________

3. Ano ang huling pangyayari?

______________________________________________



## *Tayahin*

**Gawain 4**

**Panuto:** Tukuyin kung anong bahagi ng kuwento ang mga pangyayaring may salungguhit. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Kahapon namitas ng mangga si Lucas. Tuwang-tuwa siya habang nasa taas ng puno. <u>Maya-maya ay bigla siyang napasigaw. Kinagat pala si Lucas ng mga langgam.</u> Dali-dali siyang bumaba mula sa puno at di na umakyat ulit magpakailanman.

A. kasukdulan B. katapusan C. simula

2. <u>Tanghaling tapat ay naglalaro ng bola si Allan.</u> Biglang gumulong ang bola sa daan. Hinabol niya ito. Maya-maya ay may sumigaw. Muntik nang masagasaan si Allan. Kinuha siya ng kanyang takot at nag-aalalang ina mula sa daan at dinala sa loob ng bahay habang karga-karga ito.

A. kasukdulan B. katapusan C. simula

3. Lunes ng umaga, naglilinis si Marco ng silid-aralan. May nakita siyang kumikinang sa ilalim ng upuan. Nakapulot si Marco ng singsing. Agad siyang tumakbo patungo sa kanyang guro at ipinakita ang napulot na singsing. Laking tuwa ng kanyang guro dahil sa kanya pala ito. Pinuri ng guro si Marco dahil sa kabaitan at katapatan nito.

A. kasukdulan B. katapusan C. simula

4. Sa isang maulan na hapon, naliligo ang mga bata sa ilog. Kasama dito si Anton na hindi masyadong marunong lumangoy. Lumusong siya sa tubig at hindi lumitaw makaraan ang isang minuto. Nalulunod si Anton. Biglang nagsigawan ang ibang mga bata para humingi ng tulong. Buti nalang at nakita sila ng isang magsasaka. Agad itong tumakbo patungo sa ilog at walang pagdadalawang-isip na lumusong sa tubig. Salamat sa Diyos at nailigtas ng magsasaka si Anton. Dahil sa nangyari, hindi na kailanman naliligo ang mga bata sa ilog nang walang kasamang nakatatanda.

A. kasukdulan B. katapusan C. simula

5. Sabado ng umaga, pumunta si Nanay sa bayan upang mamalengke at mamili ng mga pangangailangan sa bahay. Pagkababa niya sa sinasakyang jeep ay biglang may bumangga sa kanya at hinablot ang kanyang bag. Natumba si Nanay habang mabilis na tumakbo ang magnanakaw. Sumigaw si Nanay para humingi ng tulong. Dali-dali namang rumesponde ang pulis na nakarinig sa kanya. Hinabol ng pulis ang magnanakaw at nahuli nga ito. Ibinalik ng pulis ang bag at taos-puso namang nagpasalamat si Nanay sa pulis.

A. kasukdulan B. katapusan C. simula

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Basahing mabuti ang kuwento sa ibaba. Pagkatapos mabasa ay tukuyin at isulat kung anong mga pangyayari sa kuwento ang masasabing simula, kasukdulan, o katapusan. Isulat ang iyong sagot sa *graphic organizer* na inihanda.

Ang Araw at Ang Hangin
*(https://pinoycollection.com/ang-araw-at-ang-hangin)*

Sino kaya ang mas malakas, ang araw o ang hangin? Madalas daw ay nag-aaway ang dalawang ito noong araw dahil sa nagpapalakasan nga.

Isang araw, sinabi ng hangin, "O, gusto mo ba talagang patunayan ko na mas malakas ako kaysa sa iyo?"

Ngumiti ang araw. "Sige, para hindi ka laging nagyayabang, tingnan natin. Hayun, may lalaking dumarating. Kung sino sa ating dalawa ang makakapagpaalis ng suot niyang polo, siya ang kikilalaning mas malakas."

"Payag ako. Ngayon din, magkakasubukan tayo," malakas na sagot ng hangin.

"Ako ang uuna," dugtong pa niya dahil ayaw niyang maging pangalawa sa anumang labanan.

Sinimulan niyang hipan ang naglalakad na lalake. Sa umpisa ay tila nagustuhan ng tao ang ihip ng hangin kaya naging masigla at bumilis ang lakad nito.

Nilakasan ng hangin ang pag-ihip. Isinara ng tao ang lahat ng butones hanggang sa may leeg ng kanyang polo. Inubos ng hangin ang buong lakas sa pag-ihip. Lalo namang niyakap ng lalake ang sarili dahil tila giniginaw na siya.

Nanghina na nang katakot-takot ang hangin sa pag-ihip niya ay talagang hindi niya makuhang mapaalis ang damit ng lalake.


“Sige,” sigaw niya sa araw, “tingnan naman natin ang galing mo. Marahil, hindi mo rin naman mapapahubad ang taong iyon.”

Pinalitaw ng araw ang sinag niya, at unti-unti niyang pinainit ito. Tumulo ang pawis ng lalake.

Dinagdagan pa ng araw ang init na inilalabas niya at ang lalake ay nagkalas ng mga ilang butones sa baro.

Maya-maya, nang uminit pang lalo ang araw, hindi na nakatiis ang tao at tinanggal ang lahat ng mga butones ng polo at hinubad ito.

Panalo ang araw! Mula noon, di na nagyabang uli ang hangin.




# Susi sa Pagwawasto

| Subukin |
| --- |
| 1. A |
| 2. B |
| 3. D |
| 4. C |
| 5. D |
| |

| Balikan |
| --- |
| 1. banghay |
| 2. tauhan |
| 3. tagpuan |

| Pagyamanin |
| --- |
| 1. kasukdulan |
| 2. simula |
| 3. katapusan |
| |
| |

Isaisip




| Isagawa |
| --- |
| 1. Ang batang si Popoy ay payat at palagi siyang tinutukso ng ibang bata. |
| 2. Nagsumbong si Popoy sa kanyang mga magulang at pinayuhan siya ng mga ito. |
| 3. Sinunod ni Popoy ang payo ng mga magulang at tuluyan na siyang nagbago pagdating sa usapang pangkalusugan. |

| Tayahin |
| --- |
| 1. A |
| 2. C |
| 3. C |
| 4. B |
| 5. A |

## *Sanggunian:*


"Ang Araw at Ang Hangin (Maikling Kwento + Aral)." Pinoy Collection, November 10, 2018. https://pinoycollection.com/ang-araw-at-ang-hangin.

"Ang Aso at Ang Uwak (Kwentong Pabula)." Pinoy Collection, October 17, 2018. https://pinoycollection.com/ang-aso-at-ang-uwak.

"Maikling Kwento: Mga Elemento, Bahagi, Uri, at Halimbawa." Pinoy Collection, August 30, 2019. https://pinoycollection.com/maikling-kwento/.

Quizalize Player. Accessed July 8, 2020. https://player.quizalize.com/quiz/39a5c937-755c-4087-9fc8-509a8a6538da.

Para sa mga katanungan at mungkahi, mangyaring sumulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615